# Activity Tax Credit Para sa Mga Bata sa Ontario

**Mula hockey hanggang sa mga klase sa wika, makakuha ng tax credit para sa anumang magugustuhan ng inyong anak.**

ontario.ca/kidscredit

Ontario

## Maraming-maraming mga aktibidad para sa mga bata!

Ginagawang mas madali para  sa inyo ng bagong Children's Activity Tax Credit ng Ontario na isali ang inyong anak sa isport, sining at iba pang mga aktibidad at tulungan silang magdibelop ng mga aktibong pag-iisip at katawan

- Ang mga magulang at mga tagapag-alaga ay maaaring mag-claim ng hanggang $500 na mga kwalipikadong gastos para sa isang credit na hanggang $50 bawat bata na wala pang 16 taong gulang, o hanggang $100 para sa isang bata na may kapansanan na wala pang 18 taong gulang
- Ang credit ay umaaplay sa iba't-ibang mga aktibidad.

Ito'y maaaring i-refund nang buo, kaya kahit na mababâ ang inyong kinikita at hindi kayo nagbabayad ng income tax, maaari kayong makinabang.

## Itago ang inyong mga resibo para sa panahon ng tax.

Maaari ninyong i-claim ang tax credit sa inyong taunang income tax return, simula sa inyong 2010 return.  Kwalipikado ang mga gastos simula sa o pagkatapos ng  Enero 1, 2010. Huwag kalimutang itago ang lahat ng inyong mga resibo.

- Ang tax credit ay magbibigay nang hanggang $50 bawat bata o hanggang $100 kung ang bata ay may kapansanan
- Mahigit sa 1.8 milyong mga bata sa 1.1 milyong mga pamilya sa Ontario ang makikinabang

## Ano ang hilig ng inyong anak?

Sakop ng tax credit ang iba't-ibang mga aktibidad na nasa dalawang kategoriya: fitness at non-fitness. Upang maging kwalipikado, ang mga aktibidad ay dapat extra-curricular, sinusuperbisyohan, at angkop para sa mga bata.

- Ang ilang mga kwalipikadong aktibidad ay soccer, sayaw, Scouts, Girl Guides, hockey, drama at karate. May mas mahabang listahan online
- Ang mga pisikal na aktibidad na kwalipikado para sa pederal na fitness tax credit para sa mga bata ay awtomatikong magiging kwalipikado para sa Ontario Children's Activity Tax Credit.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang
**ontario.ca/kidscredit**

o tumawag sa
**1 866 668-8297**

TTY:
**1 800 263-7776**

ISBN 978-1-4435-5423-7